REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-46

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONGBAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA HUMANAP O BUMILI KUNG KINAKAILANGAN NG ISANG LAGAY NA LUPA SA IKALAWANG DISTRITO NG ATING BAYAN UPANG MAPAGTAYUAN NG SANGAY NG MANPOWER TRAINING AND LIVELIHOOD DEVELOPMENT CENTER AT ANG PAGTATALAGA NG MGA TAUHAN NITO.

*****************************************************************

Ipinanukala ni: Kon. Roger C. Smith
At Lahat ng Konsehal ng Ikalawang Distrito

*****************************************************************

SAPAGKAT, ang di-pormal na edukasyon o pagsasanay ay lubhang napakahalaga sa mga kababayan nating di makayanan ang mataas na halaga ng pag-aaral o pamumuhay;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ay mayroon ang pamahalaang bayan ng iisang sentro ng pagsasanay sa unang distrito (Poblacion) kung saan ng lahat ng sumasailalim dito ay nagmumula sa iba't-ibang barangay;

SAPAGKAT, upang makaagapay sa lumalawak na pangangailangan ng ating pamahalaang lokal, nararapat lamang na magkaroon ng isa pang halintulad na pasilidad sa ikalawang distrito;

SAPAGKAT, ang Punongbayan, ay may kapangyarihan sa pamamagitan ng pahintulot na ipagkakaloob ng Sangguniang Bayan na makabili ng anumang pag-aari para sa ating bayan at ang pagtatayo ng anumang establisyamento para sa ikabubuti ng nakararaming nasasakupan;

NGAYON DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na bigyan ng karapatan ang Punongbayan, Mggl. Ignacio R. Bunye na humanap o bumili kung kinakailangan ng isang lagay na lupa sa ikalawang distrito upang mapagtayuan ng sangay ng Manpower Training and Livelihood Development Center at ang pagtatalaga ng mga tauhan nito.

PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA, ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-30th regular na pulong na ginanap ngayong ika-1 ng Marso, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng Punong-Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan